# BABALA SA CONSUMER

## ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN AT PROTEKSYON SA IMIGRASYON SA ILALIM NG BATAS

**May karapatan kang mag-apply para sa at magtiyak ng pabahay nang hindi ibinabahagi ang iyong katayuan sa imigrasyon.** Pinagbabawalan ng batas ng California ang mga provider ng pabahay na magtanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon maliban kung nag-a-apply ka para sa abot-kayang pabahay na pinopondohan ng pederal na pamahalaan. Dagdag pa, hindi ka puwedeng ligaligin o takutin ng mga provider ng pabahay sa pamamagitan ng pagbabanta o pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon sa ICE, tagapagpatupad ng batas, o iba pang ahensya ng pamahalaan.

**May karapatan kang mag-access ng emergency na pangangalagang medikal. Tinitiyak ng mga** pederal na batas at regulasyon ang mga karapatan ng lahat ng tao, kabilang ang mga di-dokumentadong imigrante, na mag-access ng emergency na pangangalagang medikal.

**May karapatan ka sa lugar ng pagtatrabaho na malaya sa panliligalig at diskriminasyon.** Sa ilalim ng batas ng California, protektado ka mula sa panliligalig at diskriminasyon ayon sa iyong bansang pinagmulan, ninuno, lahi, etnisidad, at iba pang protektadong katangian. Hindi ka puwedeng pagbantaan ng iyong employer na tatawagan ang awtoridad sa imigrasyon bilang ganti sa pag-uulat ng panliligalig o diskriminasyon sa trabaho. Hindi rin pinapayagan ang iyong employer na magtanong tungkol sa o tingnan ang iyong katayuan sa imigrasyon, maliban kung gagawin nila ito para sumunod sa pederal na batas at regulasyon sa imigrasyon, at hindi nire-require sa iyong ibahagi ang impormasyong ito.

**May karapatan kang hilingin sa mga kumpanya na itigil ang pagbebenta ng iyong data o burahin ang iyong data.** Mahalagang maunawaan ang iyong mga karapatan sa privacy ng data, at puwedeng maging kapaki-pakinabang ito para mabawasan ang bilang ng mga kumpanya na nagtatago o nagbebenta ng data tungkol sa iyo. Para sa impormasyon sa mga karapatang ito at kung paano gamitin ang mga ito, pumunta sa oag.ca.gov/privacy/ccpa.

**May karapatan kang magkaroon ng abogado.** Kapag inaresto ka ng pulisya, may karapatan ka sa abogadong itinalaga ng pamahalaan. Kapag idinitine ka ng ICE, may karapatan kang kumonsulta sa abogado, pero hindi nire-require ang pamahalaan na magbigay ng abogado para sa iyo. Puwede kang humiling ng listahan ng mga libre o murang alternatiba. Para humanap ng organisasyon sa legal na tulong na malapit sa iyo, pumunta sa lawhelpca.org.

**May karapatan kang mag-access ng ulat ng pulisya**. Hindi puwedeng tanggihan -ng mga pang-estado o lokal na tagapagpatupad ng batas ang isang biktima ng krimen na i-access ang kanilang ulat sa krimen dahil sa hindi pagpapatunay ng biktima ng kanyang presensya sa bansa nang naaayon sa batas.

**May karapatan ang iyong anak sa libreng pampublikong edukasyon anuman ang katayuan sa imigrasyon.** May karapatan din sila na mapabilang sa isang kapaligiran ng pag-aaral sa pampublikong paaralan na malaya sa diskriminasyon, panliligalig, pambu-bully, at pananakot. Dapat tumanggap ang paaralan ng iba-ibang dokumento mula sa magulang o guardian ng mag-aaral para magpakita ng pruweba ng edad at tirahan. Hindi kailanman kailangan ang impormasyon tungkol sa katayuan sa citizenship/imigrasyon para sa pagpasok sa paaralan. Hindi mo kailangang magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga pasaporte o visa, o tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng bata, magulang, guardian o iba pang miyembro ng pamilya. At hindi mo kailangang magbigay ng numero ng social security o ibang card para sa alinman sa pag-enrol o sa libre o murang almusal at tanghalian sa paaralan.

**Hindi puwedeng hilingin ng pang-estado at lokal na tagapagpatupad ng batas ang iyong katayuan sa imigrasyon para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon.** Tahasang ipinagbabawal ng batas ng California ang tagapagpatupad ng batas na magtanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng isang indibidwal para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon.

**Hindi puwedeng ibahagi ng pang-estado o lokal na tagapagpatupad ng batas ang iyong personal na impormasyon para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon**. Kabilang dito ang iyong address sa bahay o trabaho para sa mga layunin ng imigrasyon, maliban kung available ang impormasyong iyon sa publiko o maliban kung may kinalaman ang impormasyong iyon sa nakaraang kriminal na pag-aresto, pagkakahatol o katulad na kasaysayan ng krimen.

**Hindi puwedeng tumulong ang pang-estado at lokal na tagapagpatupad ng batas sa ICE sa pagpapatupad ng imigrasyon, na may mga napakalimitadong pagbubukod**. Nangangahulugan itong ang pang-estado at lokal na tagapagpatupad ng batas ay hindi ka puwedeng imbestigahan, hindi ka puwedeng interogahin, hindi ka puwedeng arestuhin, at hindi ka puwedeng iditine maliban kung bahagi sila ng pinagsamang pederal na task force kung saan hindi pagpapatupad ng imigrasyon ang pangunahing layunin ng task force.

## *Mga Sanggunian para sa Tulong sa Imigrasyon*

- Law Help CA: lawhelpca.org
- Immigration Law Help: immigrationlawhelp.org

## *Mag-ulat ng Reklamo*

- Kung sa palagay mo ay nilabag ang iyong mga karapatan, iulat ito sa Kagawaran ng Hustisya ng California (California Department of Justice) sa oag.ca.gov/report.
- Kung sa palagay mo ay napailalim ka sa diskriminasyon, panliligalig, o pagganti, iulat ito sa Kagawaran ng mga Karapatang Sibil ng California (California Department of Civil Rights) sa calcivilrights.ca.gov/complaintprocess/.